Kanagawa Prefecture

# Kung may problema sa pagpapalaki at pagdisiplina ng bata...



**Mag-enjoy sa pagpapalaki ng bata sa pamamagitan ng pagdisiplina na hindi umaasa sa pagpaparusa**

**Kanagawa Prefecture Child Consultation Center**

タガログ語

# Introduksyon

## "Totoo bang bawal parusahan ang bata?"

Oo. Bawal nang gumamit ng parusa sa pagdisiplina ayon sa naamyendahang batas.

## "Pero nag-aalala ako na hindi lalaking maayos sa hinaharap ang bata kapag hindi ito pinangaralan sa pamamagitan ng pagpalo kapag ito ay gumawa ng maling bagay."

Naiintindihan namin ang saloobing ito ngunit natuklasan namin na ang parusa ay may negatibong epekto sa paglaki ng bata.

## "Kung ganoon, ano ang dapat kong gawin? Mahal ko ang bata ngunit may problema ako sa pagpapalaki nito."

Mahirap talaga ang pangaraw-araw na pagpapalaki ng bata.
Umaasa kaming makakapagbigay ng gabay ang leaflet na ito sa pagpapalaki ng bata na hindi umaasa sa parusa.
Ito ay ginawa upang kahit papaano ay matugunan rin ang mga alinlangan ng mga tagapangalaga.
Ipapakilala namin dito ang isang pamilya na may 4 na miyembro na kasalukuyang nagpapalaki ng bata.
Ikumpara natin kung paano tayo nagpapalaki ng bata at tignan kung anong paraan ng pagpapalaki ang kanilang ginagawa.

Introduksyon ng mga karakter ........................................ 2P
Komiks "Ang Pamilya sa Isang Araw" ............................. 3P
Mag-enjoy sa pagpapalaki ng bata sa pamamagitan ng pagdisiplina na hindi umaasa sa pagpaparusa ................11P
Consultation Centers ................................................... 13P

# Introduksyon ng mga karakter



## Papa Mamoru 30 taong gulang

**Nais niyang makatulong sa pagpapalaki ng mga bata ngunit wala siyang oras makasama ang mga bata dahil abala siya sa trabaho. Nahihirapan siya sa aktibong si Haruto at paminsan-minsan ay napagtataasan niya ito ng boses at kamay.**



## Mama Ikuyo 28 taong gulang

**Masayahin at mabait na mama. Simula nang maging 1 taong gulang na si Mei, ipinasok niya ito sa nursery school at siya ay nagbalik sa trabaho subalit dumalas ang kanyang pagka-irita dahil naiipon ang mga gawain sa pagpapalaki, gawaing bahay, at trabaho.**



## Panganay na lalake Haruto 4 taong gulang

**Aktibo at masiglang anak na lalaki na pumapasok sa nursery school. Mahilig maglaro sa labas ngunit hindi nakakapaglinis ng maayos.**




## Panganay na babae Mei 1 taong gulang

**Anak na babae na pumapasok sa nursery school tulad ni Haruto. Natututo na siya magsalita at cute ang paggaya at pagsunod niya kay Haruto.**

Ang Pamilya sa Isang Araw

# (1) Paglilinis









**Punto**

**Nadala si mama at nagtaas ng boses ngunit napag-isip siya. Kayang gawin ang paglilinis kasama ang mga bata habang ipinapararating ang dahilan ng paglinis at kung ano ang naghihintay pagkatapos nito.**

Ang Pamilya sa Isang Araw

# (2) Ako ang gagawa!









**Punto**

Mahirap lalo na at abala tuwing umaga, ngunit kailangang bigyan ng pansin ang “gustong gawin” ng bata. Ang paghihintay ay nagbibigay sa bata ng pakiramdaman na kaya niya at nakakatulong sa magaan na pakiramdam pagpasok sa paaralan.

# (3) Mapanganib!









**Punto**

Kung nagkamali ang nakatatanda, maganda ring humingi ng tawad tulad ng papa na ito. Subukan nating ipaliwanag sa mga bata sa paraang madaling maiintindihan kung bakit mapanganib.

# (4) May sakit si mama…









**Punto**

**Siguraduhing mayroong malalapitan upang tumulong kapag mayroong nangyari sa nakatatanda at hindi mabantayan ang mga bata. Makakatulong ito upang mapanatag ang kalooban sa panahong may emergency.**

## Mag-enjoy sa pagpapalaki ng bata sa pamamagitan ng pagdisiplina na hindi umaasa sa pagpaparusa

Nakita natin na may pagkakataon sila mama at papa na nadala at nagtaas ng boses at pinalo ang bata. Walang perpektong tao sa pagpapalaki ng bata. Ang magandang ginawa ng pamilyang ito ay kapag napagtanto nila na sila ay nagkulang o nagkamali, humihingi sila ng tawad sa mga bata. Binabago nila at gumagawa sila ng paraan upang ayusin ang kanilang pamamaraan.

**Ang mga bata ay mapapamahal at matututo na kahit sino ay maaaring magkamali at lumaki kapag nakikita nila ang mga magulang nilang nagsisikap para sa kanila.**

Gayunpaman, nagbabago ang pamamaraan depende sa sitwasyon, edad at ugali ng bata. Habang may natututunan ang mga bata, ang mga magulang din ay may natututunan araw araw. Humingi ng tulong sa mga tao sa paligid at mag-enjoy sa pagpapalaki ng mga bata sa pamamaraang angkop sa iyo at iyong anak.

Para sa mga tagapangalaga, ang pagpapalaki ng bata ay puno ng mga bagong bagay. Natural lang na malito at mag-alala. Sa panahong ito, alalahanin natin ang Komiks “Ang Pamilya sa Isang Araw.”

Artikulo

### Bakit bawal ang parusa?

Sa dokumento ng Ministry of Health, Labor and Welfare, natuklasan sa result ng pag-aaral na kumpara sa mga batang hindi tumanggap ng parusa, ang mga batang tumanggap ng parusa mula sa mga magulang ay may tendensiyang **“hindi makinig nang mahinahon,” “hindi tumupad sa pangako,” “hindi makapag-pokus sa isang bagay,” “hindi makatiis,” “hindi maipahiwatig ang nadarama,”** at **“hindi makakilos sa isang grupo.”**

Kapag nasanay ang bata sa pagdurusa, maghahanap ito ng parehong epekto at aabot sa karahasan, at may mga pagkakataong ito ay mang-aabuso rin.

## Hindi mo ba ginagawa ang mga ito?

### Ang lahat ng ito ay mga parusa

- **3 beses sinabi ngunit dahil hindi sumusunod, sinampal sa pisngi**
- **May ginawang kapilyuhan sa isang importanteng bagay kaya pinanatiling nakaupo nang matagal**
- **Sinuntok ang kaibigan na nagdulot ng sugat, kaya sinuntok din ang bata**
- **Kinuha ang gamit ng ibang tao kaya pinalo sa puwet**
- **Hindi ginawa ang takdang-aralin kaya hindi binigyan ng hapunan**
- **Hindi naglilinis kaya ipinahid sa mukha ang basahan**

### Lahat ng gawaing ito ay nagdudulot ng pagdurusa sa puso ng bata

- **Ang pagsabi ng bagay sa bata na itinatanggi ang katauhan nila tulad ng "hindi ka na lang sana ipinanganak" kahit ito ay biro lamang**
- **Pagkumpara sa kapatid at pangmamaliit sa bata sa kunwaring dahilan na pataasin ang motibasyon**

Mula sa "Ikalat ang pagpapalaki sa bata na hindi umaasa sa pagpaparusa!"
ng Ministry of Health, Labor and Welfare

Nais naming makapagbigay ng buong suporta sa pagpapalaki at pag-aalaga ng iyong anak.

**"Hindi nakikinig ang bata sa mga sinasabi," "Nadadala ako at napapapalo ang bata," at "Gusto kong may makinig sa problema ko sa pagpapalaki ng bata."** Maaaring makagaan sa pakiramdam kahit ang pakikipag-usap lamang.

Nakatala sa susunod na pahina ang listahan ng mga consultation centers na maaaring pagkonsultahan ng lahat. Tumatanggap ng konsultasyon hindi lamang ang mga organisasyon kung hindi pati na rin ang mga nursery school at childcare support center kaya't dumulog tayo sa mga ito.



# Consultation Centers

## Kanagawa Prefecture Child Consultation Center

| Child Consultation Center | Telepono | Mga Saklaw na Lugar |
|---|---|---|
| Chuo Child Consultation Center | 0466-84-1600 | Fujisawa City, Chigasaki City, Samukawa Town |
| Hiratsuka Child Consultation Center | 0463-73-6888 | Hiratsuka City, Hadano City, Isehara City, Oiso Town, Ninomiya Town |
| Kamakura Miura Region Child Consultation Center | 046-828-7050 | Kamakura City, Zushi City, Miura City, Hayama Town |
| Odawara Child Consultation Center | 0465-32-8000 | Odawara City, Minamiashigara City, Nakai Town, Oi Town, Matsuda Town, Yamakita Town, Kaisei Town, Hakone Town, Manazuru Town, Yugawara Town |
| Atsugi Child Consultation Center | 046-240-6430 | Atsugi City, Ebina City, Zama City, Aikawa Town, Kiyokawa Village |
| Yamato Ayase Region Child Consultation Center | 0466-81-8066 | Yamato City, Ayase City |

## Iba pang Child Consultation Centers ng Lokal na Awtoridad sa Prefecture

| Child Consultation Center | Telepono | Mga Saklaw na Lugar |
|---|---|---|
| Yokohama City Chuo Child Consultation Center | 045-260-6510 | Tsurumi Ward, Kanagawa Ward, Nishi Ward, Naka Ward, Minami Ward |
| Seibu Child Consultation Center | 045-331-5471 | Hodogaya Ward, Asahi Ward, Izumi Ward, Seya Ward |
| Nanbu Child Consultation Center | 045-831-4735 | Konan Ward, Isogo Ward, Kanazawa Ward, Totsuka Ward, Sakae Ward |
| Hokubu Child Consultation Center | 045-948-2441 | Kohoku Ward, Midori Ward, Aoba Ward, Tsuzuki Ward |
| Kawasaki City Child Home Center | 044-542-1234 | Kawasaki Ward, Saiwai Ward, Nakahara Ward |
| Chubu Child Consultation Center | 044-877-8111 | Takatsu Ward, Miyamae Ward |
| Hokubu Child Consultation Center | 044-931-4300 | Tama Ward, Asao Ward |
| Sagamihara City Child Consultation Center | 042-730-3500 | Sagamihara City |
| Yokosuka City Child Consultation Center | 046-820-2323 | Yokosuka City |

## Consultation Numbers

| Consultation Number | Telepono | Remarks |
|---|---|---|
| Child Home 110 Number | 0466-84-7000 | 9:00 am – 8:00 pm |
| Human Rights / Child Hotline | 0466-84-1616 | 9:00 am – 8:00 pm (para sa mga bata / para sa notipikasyon) |
| Child Consultation Center Abuse Response Number | 189 (Libre) | 24 oras maaring tumawag |
| Child Consultation Center Consultation Dedicated Number | 0120-189-783 (Libre) | |

## Tanggapan ng Munisipalidad

| Munisipiladad | Nakatalagang Division | Direct Line sa Nakatalagang Division ng Child Consultation Center |
|---|---|---|
| Hiratsuka City | Child Home Division | 0463-21-9843 |
| Kamakura City | Child Consultation Division | 0467-23-0630 |
| Fujisawa City | Child Home division | 0466-50-3569 |
| Odawara City | Child Youth Support Division | 0465-46-6763 |
| Chigasaki City | Child Development Consultation Division<br>(Chigasaki City Home Children Consultation Office) | 0467-81-7170 |
| Zushi City | Childrcare Support Center | 046-873-1111 (Kinatawan) |
| Miura City | Child Division<br>Parent and Child Consultation Center Hinatabokko | 046-882-1111 (Kinatawan) |
| Hadano City | Child Home Support Division<br>(Consultation Dedicated Number) | 0463-82-5273<br>0463-84-7800 |
| Atsugi City | Home Consultation Division<br>(Consultation Dedicated Number) | 046-221-0181･0182 |
| Yamato City | Sukusuku Childcare Division | 046-260-5618 |
| Isehara City | Child Home Consultation Division | 0463-94-4642 |
| Ebina City | Childcare Consultation Division | 046-235-4825 |
| Zama City | Child Home Division | 046-252-8026 |
| Minamiashigara City | Child Division | 0465-73-8072 |
| Ayase City | Health Promotion Division | 0467-77-1133 |
| Hayama Town | Child Development Division | 046-876-1111 (Kinatawan) |
| Samukawa Town | Childcare Support Division | 0467-74-1111 (Kinatawan) |
| Oiso Town | Childcare Support Division<br>(Childcare Support Comprehensive Center) | 0463-71-3377 |
| Ninomiya Town | Childcare / Health Division | 0463-71-7100 |
| Nakai Town | Welfare Division | 0465-81-5548 |
| Oi Town | Childcare Health Division | 0465-83-8012 |
| Matsuda Town | Childcare Health Division | 0465-84-5544 |
| Yamakita Town | Welfare Division | 0465-75-3644 |
| Kaisei Town | Childcare Health Division | 0465-84-0327 |
| Hakone Town | Childcare Support Division | 0460-85-9595 |
| Manazuru Town | Welfare Division | 0465-68-1131 (Kinatawan) |
| Yugawara Town | Child Support Division Childcare Support Center<br>(Yutapon) | 0465-20-4940 |
| Aikawa Town | Childcare Support Center | 046-285-6932 |
| Kiyokawa Village | Health Welfare Division | 046-288-3861 |



# Kanagawa Child Home 110 Consultation LINE

**Maaaring kumonsulta ng libre at hindi nagpapakilala**
(Ang makikita lang ay ang iyong pangalan at icon sa LINE).
**[Panahon ng konsultasyon]**
(maliban sa holiday ng bagong taon)
**Mula Lunes hanggang Sabado, 9 am hanggang 9 pm**

**I-add bilang kaibigan sa LINE**

## Other Languages

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| English 英語 | 中国语 中国語 | 한국·조선어 韓国・朝鮮語 | Español スペイン語 | Português ポルトガル語 |
| Tagalog タガログ語 | ภาษาไทย タイ語 | Tiếng Việt ベトナム語 | ភាសាខ្មែរ カンボジア語 | ພາສາລາວ ラオス語 |


監　　修　子どもの虹情報研修センター　川﨑二三彦
日本女子大学名誉教授　鵜養美昭
武蔵野大学看護学部　中板育美
作成・発行　神奈川県児童相談所
デザイン・印刷　有限会社 湘南グッド